



## ALAM MO BA?

**716** ang average na credit

ng mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon.

- *Urban Institute*

## ANG PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY NA APRUBADO NG HUD AY ANG IYONG MAPAGKAKATIWALAANG RESOURCE.

Nagbibigay-daan sa mga consumer na gumawa ng mga mahusay na pagpapasiya sa pabahay. Ang pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay tumutulong sa mahigit isang milyong sambahayan bawat taon.



Ang pag-apruba ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay ay hindi gumagawa o nagpapahiwatig ng warranty o pag-eendorso ng HUD ng aprubadong ahensya o mga empleyado nito sa isang prospektibong kliyente o sa sinumang iba pang organisasyon o indibidwal. Nangangahulugan lang ang pag-apruba na ang ahensya ay nakatugon sa mga kwalipikasyon at kundisyong tinukoy ng HUD.

OFFICE OF  
HOUSING COUNSELING  
[hud.gov/housingcounseling](http://hud.gov/housingcounseling)  
1-800-569-4287



## MGA BUMIBILI NG BAHAY SA UNANG PAGKAKATAON

# CREDIT 101



## KUNG BAKIT MAHALAGA ANG IYONG CREDIT






### MAIKLING TIP PARA SA MAHUSAY NA CREDIT

- ▶ Bayaran ang iyong utang hangga't maaari
- ▶ Bayaran ang mga bill mo sa tamang oras
- ▶ Suriin ang LIBRENG credit report mo
- ▶ Pag-isipang mabuti ang bilang ng new account na binubuksan mo
- ▶ Gamitin ang iyong credit card nang maingat
- ▶ Ayusin kaagad ang mga isyu sa credit
- ▶ Iwasan ang mga scam sa pag-aayos ng credit

Mahalaga ang pag-unawa sa credit at kung paano ito nakakaapekto sa iyong pagkakaroon ng bahay, dahil ang iyong history ng credit ay ang pangunahing salik sa pagkwalipika para sa isang bagong pautang sa pabahay. Mahalaga na magkaroon ng tamang impormasyon, mula sa mga tamang lugar. Napakaraming pekeng alok para sa libreng mga ulat ng credit. Ang isang pinagkakatiwalaang source ay ang [annualcreditreport.com](http://annualcreditreport.com). Magbasa pa para sa mga pangunahing tungkol sa credit at kung paano mo mapapadali ang pagkakaroon ng bahay sa tulong ng iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay.

## ANG CREDIT SCORE MO

### SCALE NG CREDIT

	Excellent 750 at mas mataas
	Good 700-749
	Fair 650-699
	Poor 550-649
	Bad 549 at mas mababa

Tinatawag ring FICO® score, ginagamit ng mga nagpapautang ang iyong credit score upang matukoy ang iyong kakayahang magbayad ng utang. Kung mayroon kang history ng pagbabayad ng mga bill sa tamang oras, maipagpapalagay ng iyong nagpapautang na babayaran mo ang utang na ibinigay sa iyo. Ginagamit ng mga credit-reporting bureau ang impormasyon mula sa iyong pinansyal na history upang kalkulahin ang iyong credit score.


## PAANO KAMI MAKAKATULONG

### PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA

- ▶ Pagsusuri sa iyong credit score
- ▶ Pagpapalano at pagbabadyet
- ▶ Pamamahala sa iyong utang sa credit card
- ▶ Pagpapahusay sa iyong credit

Kapag maaga mong sinuri ang iyong score sa proseso ng pagbili ng bahay, mas mabuti ito, para malaman mo kung may mga isyu sa iyong score bago ang paghahanap ng bahay. Kung may makita kang di-magandang senyales na maaaring makaapekto nang negatibo sa iyong score, maaari kang makipag-usap sa iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD tungkol sa pagpapahusay ng iyong credit.

## MGA TAGAPAYO SA PABAHAY SA BUONG BANSA



Isang paglalakbay ang daan patungo sa tahanan, ngunit hindi mo kailangang maglakad nang mag-isa. Upang matuto pa tungkol sa credit o makahanap ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD, bisitahin ang [hud.gov/housingcounseling](http://hud.gov/housingcounseling) or call 1-800-569-4287. Narito kami upang tulungan kang magkabahay!